# Walang anumang Muslim na nagsasagawa ng wuḍū' – saka nagpapagaling ng wuḍū' niya, pagkatapos tumatayo saka nagdarasal ng dalawang rak`ah, habang nakatuon sa dalawang ito sa pamamagitan ng puso niya at mukha niya – malibang magigindapat para sa kanya ang Paraiso

Ayon kay `Uqbah bin `Āmir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Kailangan sa amin ang pagpapastol ng mga kamelyo saka dumating ang toka ko kaya umakay ako sa mga ito sa isang hapon saka nakaabot ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang nakatayong nagsasalita sa mga tao saka nakaabot ako mula sa sabi niya: "Walang anumang Muslim na nagsasagawa ng wuḍū' – saka nagpapagaling ng wuḍū' niya, pagkatapos tumatayo saka nagdarasal ng dalawang rak`ah, habang nakatuon sa dalawang ito sa pamamagitan ng puso niya at mukha niya – malibang magigindapat para sa kanya ang Paraiso." Nagsabi ako: "Anong galing nito!" Saka biglang may nagsasalita sa harapan niya, na nagsasabi: "Ang bago nito ay higit na magaling." Kaya tumingin ako saka biglang si `Umar ay nagsabi: "Tunay na ako ay nakakita nga sa iyo na dumating kanina." Nagsabi siya: "Walang kabilang sa inyo na isa mang nagsasagawa ng wuḍū' saka nagpaparubdob – o naglulubus-lubos – ng wuḍū', pagkatapos nagsasabi: Ashhadu an lā ilāha illa –llāhu wa-anna muḥammadan `abdu –llāhi wa-rasūluh (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Lingkod ni Allāh at Sugo Niya), malibang bubuksan para sa kanya ang walong pinto ng Paraiso, na papasok siya mula sa alinman sa mga ito na loloobin niya."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), habang siya ay nagsasalita sa mga tao, ng dalawang dakilang kalamangan: A. Na ang sinumang nagsagawa ng wuḍū' saka nagpahusay ng wuḍū', naglubus-lubos nito, nagpalubos nito, nagkumpleto nito sa paraang batay sa sunnah, at nagbigay sa bawat bahagi ng karapatan nito sa tubig, pagkatapos nagsabi: "Ashhadu an lā ilāha illa –llāhu wa-anna muḥammadan `abdu –llāhi wa-rasūluh (Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Lingkod ni Allāh at Sugo Niya)," malibang bubuksan para sa kanya ang walong pinto ng Paraiso, na papasok siya mula sa alinman sa mga ito na loloobin niya. B. Na ang sinumang nagsagawa ng ganitong wuḍū' na ganap na kumpleto, pagkatapos tumayo matapos ng wuḍū' na ito saka nagdasal ng dalawang rak`ah, habang nagtutuon sa dalawang ito sa pamamagitan ng puso niya sa pagpapakawagas at kataimtiman, at nagpakumbaba sa pamamagitan ng mukha at lahat ng

mga bahagi ng katawan niya kay Allāh, magigindapat para sa kanya ang Paraiso.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8388